

Balitang Manmin

BILANG 202 MAYO 6, 2018

Namulat sa Katotohanan ang Bahaging Silangan ng DR Congo Dahil sa mga Pagpupulong na Idinaos Dito!



Noong taong 2000, nagdaos ng krusadang binansagang Uganda Holy Gospel Crusade ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, Tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ. Ibinalita ang krusadang ito sa CNN, isang pangunahing istasyon ng pagbabalita sa buong mundo. Nagpatuloy siya sa pagmimistryo sa Africa, noong taong 2001, nagdaos siya ng krusada sa Kenya, at noong taong 2006, sa DR Congo naman. Ipinangaral niya ang ebanghelyo ng kabanalan na may kasamang mga tanda na nagpatunay sa mga mensahe.

Ipinagpatuloy ni Bishop Dr. Myongho Cheong, tumatayong Tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ sa Africa ang ministryo ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Nagmimistryo ito sa Nairobi Manmin Holiness Church, at aktibo sa pagmimistryo sa Africa sa 55 mga bansa ng kontinente (litrato 1).

Noong Marso 2018, dahil sa imbitasyon

ni Pastor Alembe na nagpapastor sa Elshaddai Church sa Uvira, DR Congo, nagdaos siya ng pagpupulong na pampasigla ng buhay espirituwal at gumamit siya ng panyong may kapangyarihang magpagaling. Tumanggap siya ng maraming pagpapala sa mga sermon ni Dr. Jaerock Lee tulad ng “Why Is Jesus Our Only Savior?” na ibinahagi sa kanya ni Dr. Cheong. Napuno ng pagpapala at matinding emosyon ang mga miyembro sa mga pulong na ito.

Noong Marso 2 at 3, inihatid niya ang mensahe na pinamagatang “The Measure of Faith” na hango sa Mga Taga-Roma 12:3. Hinikayat niya ang mga dumalo na magpakabanal, magkaroon ng

pananampalataya na nakapagpapalugod sa Diyos para makapasok sa Bagong Jerusalem. Pagkatapos ng mensahe, idinalangin niya ang mga maysakit gamit ang panyong dinalanginan ni Dr. Lee. Maraming tao ang gumaling mula sa iba’t ibang karamdaman (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Noong Marso 4, ibinahagi niya ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos at sa Halamanan ng Eden na may titulong “The Providence of Creation”, base ito sa aklat ng Genesis 1:1 (litrato 5). Kinagabihan, nagdaos siya ng pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling sa Uvira, humigit-kumulang 2,000 tao ang dumalo. Inihatid

niya ang mensaheng “Go Out into the Deep Water and Let Down Your Nets for a Catch” base sa Lucas 5:1-9. Tumanggap ng pagpapala ang mga tao mula sa mensahe, tumanggap sila sa Panginoon. Nang manalangin siya gamit ang panyo, maraming gumaling mula sa mga karamdaman. Nagrehistro sa Elshaddai Church ang mga nakakita sa pagpapagaling ng Diyos (litrato 2, 3).

Noong Marso 5-6, ang mga pagtuturo ng Manmin International Seminary ay ginawa sa nayon ng Baraka at sa lunsod ng Uvira (litrato 4). Ang pagtuturo ni Dr. Cheong ay may titulong “The Providence of Creation” base Genesis 1:1. Nasorpresa ang mga pastor na dumalo sa mga espirituwal at malalim na mensahe tungkol sa paglikha ng Diyos, kung bakit naglagay ang Diyos ng punungkahoy ng mabuti at masama, at ang malalim na kwento tungkol sa Halamanan ng Eden.



Ipinangaral sa Finland ang Mensaheng “Espirituwal na Pananampalataya at Makalaman na Pananampalataya”

Noong Marso 11, 2018, inimitahan si Pastor Christina Roh ng Hainaut Manmin Church, Belgium sa King of Kings Church, Finland. Ibinahagi niya ang mensaheng “Spiritual Faith and Fleshly Faith” sa pagsamba sa araw ng Linggo. Ang mensahe niya ay base sa Efeso 4:13.

Ayon kay Pastor Viktor Kurnikov at sa mga miyembro ng kanyang iglesya, “Malaking pagpapala ang tinanggap namin sa malinaw at espirituwal na mensahe niya. Nagkaroon kami ng pagkakataong saliksikin ang pananampalataya namin.” Pinagsisihan nila ang makalamang pananampalataya nila na nakatuon sa mundo, nagdesisyon silang mas magiging masigasig sa

pagsulong ng pagbabago. Nais nilang magpatuloy ang pakikipagtulungan sa Manmin. Ang mensahe niya ay naibroadcast ng TBN Baltia at BEPA24, mga Christianong isatsyon na umaabot sa mga lugar ng Baltic at sa mga taong Ruso ang wikang ginagamit.

Ang tungkol sa Manmin ay ibinahagi sa iglesyang ito ni Pastor Maksim Tomassov, Presidente ng TBN Baltia. Nagkaroon siya ng pagkakataong makadalo sa Estonia United Crusade ni Dr. Jaerock Lee noong taong 2010. Naranasan niya doon ang kapangyarihan ng Espiritu, at noong nakaraang taon, 2017, bumisita siya sa Manmin Central Church sa Seoul.

Ibinahagi ang Ebanghelyo ng Kabanalan sa mga Seminar na Idinaos sa Punjab, India

Ang mga seminar para sa mga manonood ng GCN na Hindi ang wikang ginagamit ay idinaos sa tatlong lunsod sa Punjab. Kasunod ito ng seminar na idinaos sa Delhi.

Mula Marso 12-15, 2018, ibinahagi ni Pastor John Kim, Delhi Manmin Church, India ang mga mensaheng may titulong “The Reason God Made Man of Dust from the Ground” (Genesis 2:7) at “Human Cultivation” (Genesis 3:23). Hinikayat niya ang mga dumalo na tularan ang Panginoon at maging mga tunay na anak ng Diyos. Ibinalita din niya ang tungkol kay Dr. Jaerock Lee at ang kapangyarihan ng Diyos na ipinapakita nito.

Ipinaliwanag niya ang mga hindi pangkaraniwang pangyayari na nakasulat sa Ang Mga Gawa 19 at sinabing nangyayari pa rin ang mga ito hanggang ngayon sa pamamagitan ng panyong dinalanginan ni Dr. Lee. Idinalangin niya ang mga dumalo gamit ang panyo, maraming nagsigaling. Nakapaglakad ang isang lalaking Sikh na gumamit ng saklay sa loob ng nakaraang anim na buwan pagkatapos ng panalangin. Sinabi ng mga pastor na dumalo na malaki ang hangarin nilang marinig ang ebanghelyo ng kabanalan, hiniling nila kay Pastor Kim na magdaos ng seminar bawat buwan.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

“Tinubos tayo ni Cristo mula sa sumpa ng kautusan nang Siya’y naging sumpa para sa atin – sapagkat nasusulat, ‘Sumpain ang bawat binibitay sa punungkahoy’”
(Galacia 3:13).

Ipinako at namatay si Jesus sa krus para tubusin tayo mula sa kasalanan natin. Pag-aralan natin kung ano ang kahulugan ng krus.

1. Ang krus ay sagisag ng “sumpa.”

Noong unang panahon, isang nakakatakot na paraan ng pagpaparusa ang pagpako sa krus para sa isang kriminal na gumawa ng walang kapatawarang krimen. Pero ipinako sa krus si Jesus na walang pagkakasala. Ang sumpang ito ay para sa ating mga makasalanan, nasa ilalim ito ng sumpa ng Kautusan. Ang itinutukoy na ‘Sumpa ng Kautusan’ dito ay espirituwal na kautusan na nagbsasabing, “ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan” (Mga Taga-Roma 6:23).

Naging makasalanan lahat ng tao dahil sa pagkakasala ni Adan. Kung may isang taong magpapalaya sa lahat mula sa sumpang ito ng Kautusan, dapat niyang bayaran ang halagang katumbas ng sumpa. Para mangyari ito, niloob ng Diyos na maipako si Jesus sa krus na siyang simbulo ng sumpa (Deuteronomio 21:22-23; Galacia 3:13).

Pero iisa ang paraan ng mga Judio para sa parusang kamatayan – ito ay pagbato sa kriminal hanggang sa mamatay. Kaya ayon sa kalooban ng Diyos, ang gobernador ng Roma na si Pilato ang nagbigay ng sentensyang

kamatayan kay Jesus ayon sa paraan ng mga Romano, ang pagpako sa krus. Batid ng Diyos na mangyayari ang lahat ng ito, nagbigay Siya ng pahiwatig tungkol dito habang nasa disyerto ang mga Israelita pagkatapos ng Exodo (Mga Bilang 21:4-9).

Noong magreklamo laban sa Diyos at kay Moises ang mga Israelita, may lumabas na mababangis na ahas. Maraming tinuklaw ang mababangis na ahas na ito, at sila’y nangamatay. Nang manalangin si Moises, inutusan siya ng Diyos na ‘Gumawa ng ahas mula sa tanso, at ipatong ito sa isang tikin.’ At sinabi pa ng Diyos, “...at bawat taong nakagat ay mabubuhay kapag tumingin doon.” Sumisimbulo sa kaaway na diyablo at Satanas ang ‘ahas.’ May sinabi si Jesus sa Juan 3:14-15, tungkol dito, “Kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, kailangan din namang itaas ang Anak ng Tao; upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.”

Kung ang ahas na tanso ay ipinatong sa isang tikin, ipinagan ni Jesus ang kasalanan at nagpapako sa krus. Pero dahil wala siyang kahit isang pagkakasala, tinalo Niya ang kapangyarihan ng kaaway na diyablo at Satanas at nagtagumpay sa kamatayan. At dahil pinatay nila si Jesus na walang kasalanan, nilabag nila ang espirituwal na kautusan, kaya muling nabuhay si Jesus.

Kaya kung titingin tayo kay Jesus sa Krus ng may panampalataya ang ibig sabihin ay magtatagumpay tayo sa kapangyarihan ng kamatayan. At sa pamamagitan ng panampalatayang ito, magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan. Ipinako si Jesus sa krus na kahoy na simbulo ng sumpa, at kung mananalig tayo dito, magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan bilang handog.

Para sa atin na nagtitiwala sa Panginoon, hindi na simbulo ng ‘sumpa’ ang Krus kundi ito ay simbulo ng ‘pagpapala.’

2. Ang kahulugan ng Krus ay “Sakripisyo.”

Kung walang pagdanak ng dugo, hindi mapapatawad ang kasalanan. Kaya para tubusin tayo mula sa kasalanan, dumanak ang dugo ni Jesus bilang kabayaran ng kasalanan natin (Sa Mga Hebreo 9:12, 22). Ang halaga ng sakripisyo Niya ay hindi mailalarawan.

Ang Krus

Ang latigo na ginamit ng Imperyo ng Roma ay gawa sa mga tinirintas na balat ng hayop na may metal na mga bola, matutulis na buto, at pira-pirasong bakal na nakausli hanggang sa dulo. Hinuhubaran ng mga sundalo ang kriminal, tinatali ang mga kamay, at nilalatio ang mga balikat, likod, balakang, binti, at mga kamay nito. Halinhinan sila sa paglatho. Sa sandaling bugbog na ang katawan ng kriminal, bukod sa matinding mga pasa sa katawan, wasak din ang laman niya. Kapag nawasak ang laman, nakalawit o nakabitin na lang ito sa balat.

Dahil sa sobrang pagdurugo, bumababa ang presyon ng dugo, nagkakaroon ng ‘hypovolemic shock’ (nahihirapan ang puso na magdala ng sapat na dugo sa buong katawan) ang kriminal. Dahil sa malaking kakulangan ng dugo, nangangailangan ng mas maraming tubig ang katawan, kaya matindi ang pagkauhaw ng kriminal. Habang nasa ganitong kalagayan, dadalhin niya ang kahoy na kasing laki ng poste sa lugar kung saan siya papatayin. Kadalasan ang krus ay may habang 2 metro, at may bigat na 40 kilo (mga 100 libra). Hindi madaling gawin ito kahit ng isang taong hindi pinahirapan. Pinasan ni Jesus ang krus papunta sa Golgotha, sugatan ang buong katawan at halos himatayin. Habang naglalalakad Siya patungo doon, sinabing nabuwal Siya ng tatlong beses.

Pagdating sa lugar kung saan papatayin ang kriminal, ipapako ang mga kamay at paa niya sa krus. Malalaki ang mga pako; may 13-18sm (mga 7-9 pulgada). Kung sa kamay siya ipinako, posibleng mawasak ang kamay niya dahil sa bigat niya, mahuhulog siya mula sa krus. Kaya sa pulso siya ipinako. Ito ang lugar sa katawan ng tao kung saan makikita ang mahahalagang ugat; masisira ang mga ugat kapag dito ipinako. At hindi mailalarawan ang sakit. Nakapatong ang isang paa sa ibabaw ng kabilang paa, at ipinako ito sa pangalawa at pangatlong buto. Nasira din ang mga ugat.

Kapag nakapako na sa krus ang kriminal, itatayo na ang krus. Simula ito ng panibagong sakit para sa kriminal. Kapag nakapako ang mga kamay at paa, nababatak ang mga braso kaya nakakalas ang mga buto. Nakakalas ang mga buto sa dalawang balikat. Nababatak ang mga braso at balikat dahil sa bigat ng katawan,

mahirap huminga. Hindi sapat ang hangin sa katawan. Pagkatapos, mahahaluan ng carbon dioxide ang dugo, hindi na regular ang pagtibok ng puso. Ayon sa bagong pagsasaliksik, paulit-ulit na hinihimatay ang mga taong ipinapako sa krus, mga 1,000 beses, hanggang sa tuluyan siyang mamatay. Alalahanin natin kung gaano kalaki ang sakripisyong ginawa ni Jesus sa krus, at palaging magpasalamat sa Kanya.

3. Ang kahulugan ng Krus ay “Pag-ibig.”

Batid na ng Diyos kung gaano kasakit ang pagdaraan ni Jesus. Iisa lang ang dahilan kung bakit pinayagan Niyang mangyari ito. Ito ay sapagkat minamahal Niya tayo. Ito lang ang paraan para maligtas ang mga makasalanan. Ito ang isang paraan na hindi naisip ng kaaway na diyablo at Satanas (1 Mga Taga-Corinto 2:6-8).

Dahil sa pag-ibig na nakahandang magsakripisyo at lumalampas sa Katarungan, binuksan ni Jesus ang daan patungo sa kaligtasan ng mga tao. Kapag inaalala natin ang krus, tandaan natin ang pag-ibig na ito. Alalahanin natin ang pag-ibig ng Diyos sa atin hanggang sa ibigay Niya ang bugtong na anak Niyang si Jesus para mamatay sa Krus (1 Juan 4:10).

Magkakaroon ng ibang dahilan ang buhay ng mga nakakadama at nakaka-unawa ng pag-ibig na ito. Sinabi ni apostol Pablo sa Galacia 2:20, “Ako’y ipinakong kasama ni Cristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin, at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng panampalataya sa Anak ng Diyos na sa akin ay nagmahal, at nagbigay ng Kanyang sarili dahil sa akin.”

Makikita natin dito na ang mga nakaintindi ng pag-ibig na ipinakita sa Krus ay nabuhay sa panampalataya ayon sa kalooban ng Panginoon. Nangaral ng ebanghelyo ang mga disipulo ng Panginoon nang hindi natatakot sa kamatayan pagkatapos nilang maintindihan ang pag-ibig na ito.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na taos-puso ninyong madama ang pag-ibig ng Diyos na naka-ukit sa krus na kahoy, at mabuhay nawa kayo ng may pag-asang makarating sa Bagong Jerusalem.

Pahayag ng Panampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyong, at sa walang

hanggang Langit.

5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang panampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles’ Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito. “Siya [Diyos] ang nagbigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25) “Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Balitang Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: <http://www.manmin.org/english>
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Tagalog

Paano Mabilis na Maiwawaksi ang ‘Pabagu-bagong Isipan’

Ang isang katangian na ginagamit sa katapatan ng Diyos na Espiritu ay ‘hindi nagbabago.’ “Dahil dito, kilalanin ninyo na ang PANGINOON ninyong Diyos ay Siyang Diyos; ang tapat na Diyos, na nag-iingat ng tipan na may wagas na pag-ibig sa mga umiibig sa Kanya at tumutupad ng Kanyang mga utos, hanggang sa isanlibong salinlahi” (Deuteronomio 7:9).

“Ang Diyos ay hindi tao na magsisinungaling, ni anak ng tao na magsisisi. Sinabi ba Niya at hindi Niya gagawin? O sinalita ba Niya at hindi Niya tutuparin?” (Mga Bilang 23:19).

“Ang bawat mabuting kaloob at bawat sakdal na kaloob ay pawang buhat sa itaas, na nanggagaling sa Ama ng mga ilaw, na sa Kanya ay walang pag-iiba, o anino man ng pagbabago” (Santiago 1:17).

Ano ang ibig sabihin ng ‘pabagu-bago ang isipan’? Ang ibig sabihin nito ay papalitan ang naunang desisyon, na nabuo ayon sa katotohanan, para masunod ang personal na pakinabang. Baka isipin ninyo na nangyayari ito dahil likas sa inyo na hindi maging matatag sa napagdesisyon, o mabilis kayong mapagod sa isang bagay, o madali kayong sumuko. Pero madali ninyong maiiwaksi ang ugaling ito sa pamamagitan ng pananampalataya sa Panginoon kapag tinanggap ninyo ang tulong ng Espiritu at pagpapala at kalakasan ng Diyos. Mayroon tatlong tips dito, makatutulong ito na maiwaksi ninyo ang ‘pabagu-bagong isipan’ na nagiging balakid sa paglago ng espiritu ninyo.

TIP 1 Huwag kayong magmadali o pabigla-bigla sa pagdedesisyon ayon sa panahon, pangyayari o emosyonal na kalagayan.

May mga nagsasabi na kikilos sila ayon sa kalagayan ng panahon o kalagayan ng damdamin sa sandaling iyon. Pero hindi nila ito tinutupad o pinagsisisihan nila ang sinabi nila. Kung madaldal o palabiro kayo, mag-ingat kayo sa mga sinasabi ninyo. Huwag kayong magsalita tungkol sa mga bagay na hindi ninyo kayang tuparin. Isang paraan ito para maiwasang ‘magpabagu-bago ng isipan.’

Ang mga taong madalas magbago ng isipan at hindi tumutupad ng mga ipinangako sa iba at sa sarili ay pwede ring hindi tumupad ng ipinangako nila sa Diyos. Mababasa sa Mga Awit 15:4, “Na sa mga mata niya ay nahahamak ang isang napakasama, kundi pinarangalan ang mga natatakot sa PANGINOON; at hindi nagbabago kapag sumumpa kahit na ito’y ikasasakit.” Sinasabi ng Mga Bilang 30:2, “Kapag ang isang lalaki ay namanata ng isang

panata sa PANGINOON, o sumumpa ng isang sumpa, na itinali ang kanyang sarili sa pamamagitan ng isang panata, ay huwag niyang sisirain ang kanyang salita. Kanyang tutuparin ang ayon sa lahat ng lumabas sa kanyang bibig.” Dapat tuparin ang bawat salita na sinabi ninyo at lahat ng bagay na napagdesisyon ninyong gawin sa harapan ng Diyos.

Para matupad ninyo ang sinabi ninyo, isipin ninyong mabuti ang sasabihin ninyo bago ninyo sabihin ito. Mababasa sa Santiago 1:19, “Unawain ninyo ito, minamahal kong mga kapatid: ang bawat tao ay dapat na maging mabilis sa pakikinig, marahan sa pagsasalita, mabagal sa pagkagalit.” Kung uugaliin ninyong humingi ng gabay mula sa Espiritu pagkatapos ninyong pag-isipang mabuti, maiiwasan ninyong magkamali sa mga salitang sasabihin ninyo.

TIP 2 Maging matatag at hindi nagbabago sa pagtupad ng napagdesisyon.

Para makamit ang isang bagay, tuparin ninyo ang napagdesisyon sa pamamagitan ng inyong mga gawa. Ang pinakamabuting paraan para magkaroon ng pag-iisip na hindi nagbabago ay maging matatag sa pagtupad ng mga napagdesisyon sa pamamagitan ng inyong mga gawa. Ang nakasanayan ninyong pabagu-bago ng isipan ay dahil sa katangiang pabagu-bago, nagiging daan ito para maging ugali na ninyo ito.

Kaya, magdesisyon kayong huwag maging pabagu-bago. Isa-isa ninyong tuparin ang napagdesisyonang gawin. Ipagpalagay nating hindi kayo nagbasa ng isang kabanata mula sa Biblia bawat araw tulad ng napagdesisyon ninyo, kaya ngayon, nagdedesisyon kayong magbasa ng tatlung kabanata bawat araw. Kung ganito karaming kabanata ang paplanuhin ninyong basahin bawat araw, malamang hindi ninyo makakayang tuparin ito, babaguhin ulit ninyo ang desisyon ninyo. Gumawa kayo ng planong madaling

gawin, tulad ng pagbabasa ng isang kabanata bawat araw. Kung tutuparin ninyo ito, makakaya na ninyong magbasa ng tatlung kabanata bawat araw. Ang prosesong ito ay pwede ring gamitin sa pagwawaksi ng makasalanang likas. Idalangin ninyong maiwaksi ang mga ito, kumilos kayo hanggang sa mawala na ang mga ito. Pero may mga taong nananalangin at kumikilos para iwaksi ang mga ito pero humihinto sa kalagitnaan. Pagkatapos, mananalangin ulit para subukang iwaksi ang mga kasalanan. Paulit-ulit sila sa pagkilos at hindi pagkilos. Hanggang sa hindi na nila naiwaksi ang makasalanang likas.

Para maiwaksi ang pabagu-bagong isipan, dapat kayong maging matatag sa desisyon ninyo sa paggawa ng isang bagay, kahit maliit na bagay lang ito. Makamit ninyo ang pagpipigil sa sarili, na nagbantay at nangangalaga sa inyo. Pwede ninyo itong magamit sa lahat ng bahagi ng buhay ninyo.

TIP 3 Huwag panghinaan ng loob at huwag sumuko sa kalagitnaan.

May dalawang taong nagdesisyon tungkol sa isang bagay. Tinupad nila ito. Pero, huminto sila sa kalagitnaan. Binalikan ng isa sa kanila ang napagdesisyon at sinikap na tuparin ulit ito, ang isa naman ay sumuko na. Magkaibang-magkaiba ang magiging resulta nito. Gaya nito, kung susuko kayo dahil nabigo o napagod kayo sa kalagitnaan ng pagpapakabanal, hindi ninyo makakamit ito.

Kung susuko sa kalagitnaan ng karera ang isang taong lumahok sa isang marathon, hindi niya matatapos ang ruta, hindi rin niya mapapanalunan ang gintong medalya. Gaya nito, hindi kayo makararating sa langit kung susuko kayo. Pero kung hindi kayo susuko, mararating ninyo ang langit o makapapasok kayo sa mas magandang tirahan doon. Kaya hindi ninyo pwedeng sabihin na dahil sa ‘pabagu-bago ng isipan’ ninyo hindi ninyo makamit ang mga bagay na gusto ninyo. Ang totoong dahilan ay sumuko kayo at napagod. Kaya magmadali kayong iwaksi ang nakaugaliang

pagsumuko.

Ang katangiang pabagu-bago ng isipan ay nakikita sa iba’t ibang dahilan tulad ng walang determinasyon, mainipin, pagtataksil, at katusuhan. Pabagu-bagong isipan ang ugat ng mga katangiang ito. Kaya iwaksi ninyo ang mga ito para maging espirituwal kayo.

Nag-uugat ang isang maliit na binhi sa lupa at lumalaki ito para maging puno. Katulad ito ng ‘pabagu-bagong’ pag-uugali. Kung may makita kayong mga katangian na nagiging dahilan ng ‘pabagu-bagong’ pag-uugali na nag-uugat na, iwaksi na ninyo ito, huwag kayong huminto sa kalagitnaan.

Sinasabi ng 1 Samuel 15:29, “Gayundin ang Kaluwalhatian ng Israel ay hindi magsisinungaling o magbabago ng isipan, sapagkat siya’y hindi isang tao na dapat niyang baguhin ang kanyang isipan.” Maging mga tapat tayong mga anak ng Diyos, iwaksi natin ang sinungaling na puso at pabagu-bagong isipan.

“Pinupuno ako ng kapayapaan, kagalakan, at pag-asa para sa langit ng ebanghelyo ng kabanalan!”

Kapatid Tatiana Plamadyala,
23 taong gulang, Moldova Manmin Church

Pagkatapos kong tanggapin ang Panginoon, nagkaroon ako ng kagalakan at kapayapaan sa puso ko. Pero dahil hindi ako masipag manalangin, nanlamig ang pagmamahal at pagsisigag ko para sa Panginoon. Hindi nagtagal, tinamad na rin akong magsimba. Nagkaroon ako ng maraming tanong tungkol sa pananampalataya, naging pabigat sa akin ang Salita dahil hindi ko magawang isabuhay ito.

At nalungkot ako dahil nakita ko ang mga pastor na hindi isinasabuhay ang mga itinuturo nila. Nakita din ng tatay ko ang totoong ugali ng mga pastor na ito, nawalan din siya ng gana, bumalik siya sa paglalasing. Palagi kaming nag-aaway ng mga kapatid ko, madalas akong magalit. Hindi ko mapigil ang mga iniisip ko. Tinamad na ako sa pagdalo sa Pagsamba sa Linggo ng Umaga.

Hindi nagtagal, naging madalas ang pagsakit ng tiyan at ulo ko. Nagpagamot at nagpa-iniksyon ako sa ospital. Pero hindi ito nakatulong. Sumasakit ang ulo kapag nasisilaw ako

sa araw, kaya palagi akong nasa madilim na kwarto. Inisip kong baka walang plano para sa akin ang Diyos, at nagtataka ako kung bakit hindi ako makapanalangin, at marami akong problema kahit nagsisimba naman ako. Dahil sa mga alalahaning ito, nawala ang kapayapaan ng puso ko.

Isang araw, taong 2014, sinabi ng kaibigan kong si Maksim Chubachuk na may isang natatanging pastor na nagwawaksi ng lahat ng kasalanan at nagsusulong ng buhay na banal. Iminungkahi niyang basahin ko ang mga libro at mga sermon ni Dr. Jaerock Lee. Inimbitahan niya ako at ang nanay ko sa pang-Paskong kaganapan ng Moldova Manmin Church.

Naunang dumalo sa iglesyang iyon ang nanay ko, binasa niya ang libro ni Dr. Lee na *Ang Mensahe ng Krus*. Sinabi niya sa akin na basahin ko rin ito.

Nang basahin ko ang libro, namangha ako; nagkaroon ako ng galak at init sa puso ko. Nasagot ang maraming tanong sa

puso ko, tulad ng ‘Bakit nilikha ng Diyos ang mga tao kahit batid Niya na magkakasala ang mga ito?’ ‘Bakit nilagay ng Diyos ang punungkahoy ng pagkakaalam ng mabuti at masama sa Halamanan ng Eden kung batid Niya na kakain si Adan ng bunga nito?’ at marami pang iba.

Nagbalik sa isipan ko ang naging buhay ko. Nagduda ako sa Diyos, at negatibo ang mga saloobin ko. Umiyak ako at nagsisi. Pakiramdam ko, unti-unting nabubuo ang mga piraso ng buhay ko. Nahanap ko ang kasagutan tungkol sa pagkatao ko. Naintindihan ko rin ang malaking plano at pagmamahal ng Diyos. Paulit-ulit kong binasa ang libro. Palagi kong binabanggit sa ibang tao ang tungkol sa librong ito. Araw-araw na akong dumadalo sa pulong panalangin ng iglesya.

Mas namangha ako sa pagtuturo ni Dr. Lee tungkol sa Genesis. Nagpatuloy ako sa pagbabasa ng iba pa niyang mga libro tulad ng *Langit, Impierno*, at ang tungkol sa talambuhay niyang *Buhay Ko, Pananalig Ko*, pinakinggan ko rin ang mga sermon niya.

Batid ko na ngayon na nais ng Diyos magkaroon ng tunay na mga anak na may banal na puso, kasama ako sa plano Niya. May pag-asa akong marating ang Bagong Jerusalem. Bukod dito, hindi na sumasakit ang tiyan at ulo ko. Naglilingkod ako sa iglesya bilang guro ng mga bata sa paaralang pang-Linggo, miyembro din ako ng grupo ng mga mananayaw, at lider ako ng isang maliit na grupo.

Dumadalo na din ang buong pamilya ko sa iglesya. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ng buong puso ang Diyos na nagdala sa akin sa isang iglesya na nagtuturo ng Salita ng Buhay at sa Panginoon na nagbibigay sa akin ng kamangha-manghang pag-unawa at pagpapala. Nagpapasalamat din ako sa Punong Pastor na nag-aalaga sa akin, binubusog niya ako ng ebanghelyo ng kabanalan. Hallelujah!

“Gumaling ako mula sa peritonitis dahil sa panalangin ng Punong Pastor!”

Noong Pebrero 8, 2018, biglang sumakit ang ibabang bahagi ng tiyan ko. Tumagal ang pananakit, biglang lumaki ang tiyan ko, parang puno ng hangin. Hindi ako nakakain o nakatulong dahil sa matinding pananakit. Pagdating ng Pebrero 12, umaga pa lang, pumunta na ako sa ER.

Ipinakita sa akin ng doktor ang resulta ng pagsusuri, sinabi niya, “Malalang appendicitis ang nagdudulot ng matinding pananakit ng tiyan. Namamaga ang kaliwang bahagi nito at may tubig sa kanang ‘pelvic bone.’ Nagkaroon ito ng maliliit na butas. Mayroon kang peritonitis.” Sinabi pa niya na dapat maoperahan ako agad.

Pero, gusto kong gumaling sa pamamagitan ng pananampalataya. May dalawang araw pa bago maganap ang pagpupulong kasama ang Punong Pastor

para sa Lunar New Year. Umuwi ako. Napakasakit ng pakiramdam ko.

Napagtanto ko na nagbago ako sa buhay ko bilang isang Cristiano. Dahil abala ako sa ibang bagay, nawala ang pagiging puspos ko ng Espiritu. Pinagsisihan ko ito. Nagpatuloy ako sa pag-inom ng Muan Sweet Water, ang tubig na dating maalat pero dahil sa kapangyarihan ng Diyos, pwede nang inumin (Exodo 15:25). Tinanggap ko rin ang panalagin para sa mga maysakit ng Punong Pastor na naka-record. Sa pamamagitan ng mga ito, natiis ko ang pananakit.

Noong Pebrero 14, pumunta ako sa bahay ng Punong Pastor, gumamit ako ng silyang may gulong, pinakinggan ko ang mensahe niya. Nang tanggapin ko ang panalangin niya para sa mga maysakit, uminit ang buong katawan ko. Pagkatapos, naigalaw ko ang kanang binti ko, dati, hindi ko maiangat ito dahil sa pananakit na pinagdaanan ko. Tumayo ako mula sa silyang may gulong, nagkagana akong kumain.

Pero kinagabihan, nakaramdam ako ng matinding sakit. Wala akong magawa,




Diakonesa Myungrang Kim, 47 taong gulang, Parokya 16, Manmin Central Church (kaliwa)

napaiyak na lang ako at nagsisi sa bawat salita at gawa na ipinaalala sa akin ng Espiritu. Nagpapasalamat ako sa pag-ibig ng Diyos na nagpaunawa sa akin tungkol sa pananampalataya.

Nakatulog din ako, at nagising ng ika-8:00 ng umaga. Dahil mas bumuti ang pakiramdam ko, tiningnan ko ang tiyan ko. Hindi ito sumakit kahit hinimas ko. Biglang tumawag sa telepono ang biyenan kong lalaki, umiiyak siya. Sinabi niya sa akin na nakita niya sa panaginip ang Punong Pastor, tinanong daw siya nito kung maysakit siya.

Pero sinabi daw niya na ako ang maysakit, idinalangin daw ako ng Punong Pastor.

At ang pinakakamangha-mangha pa, nawala ang pananakit na nararamdaman ko sa eksaktong oras ng panalangin ng Punong Pastor para sa akin sa panaginip ng biyenan ko. Pagkatapos, nakabawi agad ang katawan ko, bumalik na ito sa normal. Malusog na rin ako. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagpagaling sa akin. Nagpapasalamat din ako sa Punong Pastor na nanalangin para sa akin. Hallelujah!



CT scan sa tiyan

◀ Bago idalangan
Ang appendix niya ay nagkaroon ng mga maliliit na butas, napapalibutan ito ng mga nana.

Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

Manila Manmin Holiness Church

168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

Bataan Manmin Holiness Church

067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

Isabela Manmin Holiness Church

Purok 3, Brgy. San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

Cavite Manmin Holiness Church

5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen. Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

Imus Manmin Holiness Church

Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

Cebu Manmin Holiness Church

LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

Davao Manmin Holiness Church

301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714